Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado

Isang mensahe mula sa AltaMed Health Services Corporation:

Ipinapaliwanag ng Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado ("Abiso") na ito kung paano kinokolekta, ginagamit, at ibinabahagi ng AltaMed Health Services Corporation ("AltaMed") ang Protektadong Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information, PHI) alinsunod sa mga pederal at pang-estadong batas na pumoprotekta sa PHI. Ipinapaalam din nito sa mga pasyente ang kanilang mga karapatan tungkol sa kanilang impormasyon sa kalusugan at kung paano maghain ng reklamong nauugnay sa pagkapribado.

Pagtutuon sa pagkapribado:

Binibigyang-diin ng AltaMed ang pagtuon nitong pangalagaan ang pagkapribado ng pasyente, kasama ang pagsunod sa mga partikular na batas ng California tungkol sa mga sensitibong kategorya tulad ng kalusugan ng isip, HIV/AIDS, at impormasyon sa kalusugan kaugnay sa pag-aanak. Binabalangkas din ng dokumento ang mga proteksyon para sa mga menor de edad na nakakatanggap ng mga serbisyo para sa kalusugan kaugnay sa pag-aanak o pagbubuntis, kalusugan ng isip, pag-abuso sa droga o pag-inom ng alak, mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, panggagahasa, o mga serbisyong nauugnay sa sekswal na pag-atake. Palagi ka naming aabisuhan kaugnay ng anumang paglabag (hindi awtorisadong paggamit) sa hindi ligtas na PHI na nakakaapekto sa iyo nang walang hindi makatuwirang pagkaantala at hindi lalampas sa 60 araw pagkatapos naming matuklasan ang paglabag.

Mga Pagbabago sa Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado:

Sinusunod ng AltaMed ang lahat ng mga kasanayan sa pagkapribado sa Abisong ito. May karapatan din kaming baguhin ang mga kasanayang ito. Kung gagawa kami ng mahahalagang pagbabago, bibigyan ka namin ng na-update na Abiso sa iyong susunod na pagbisita sa AltaMed. Maaari kang makakuha ng kopya ng Abisong ito mula sa anumang site ng AltaMed o kunin ito online sa www.altamed.org.

Paano ginagamit at isinisiwalat ng AltaMed ang protektadong impormasyon sa kalusugan?

Gagamitin o ibabahagi lamang ng AltaMed ang iyong impormasyon sa kalusugan kung kinakailangan upang maibigay sa iyo ang mga serbisyong pangkalusugan. Ang ilan sa impormasyon na ginagamit at ibinabahagi ng AltaMed ay ang: iyong pangalan, address, email, mga numero ng telepono, kasaysayan ng pangangalaga ng kalusugan, pangangalagang pangkalusugan na ibinigay sa iyo, at ang gastos sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Ang mga sumusunod ay iba pang mga halimbawa ng maaaring paggamit o pagsiwalat ng AltaMed sa iyong PHI.

Paggamot: Gagamitin at ibabahagi ng AltaMed ang iyong PHI sa mga doktor, ospital, at iba pa upang makapagbigay, makapagkoordina, o mapamahalaan ang iyong pangangalaga sa kalusugan at anumang kaugnay na serbisyo. Halimbawa, maaaring kailanganin naming gamitin ang iyong impormasyon upang makakuha ng paunang pag-apruba para sa ilang mga serbisyo, upang matawagan ka bilang paalala tungkol sa isang paparating na appointment, o upang masubaybayan ang mga pagbabago sa iyong kalusugan.

Pagbabayad: Gagamitin at ibabahagi ng AltaMed ang iyong PHI, kung kinakailangan, upang makakuha o makapagbigay ng bayad para sa iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kasama rito ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong seguro, tagapagbigay ng serbisyo, o personal na kinatawan na responsable para sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa pagbabayad ng mga serbisyo.

Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado

Mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan: Maaaring magamit ang iyong impormasyon para sa pangkalahatang mga layuning pang-administratibo. Halimbawa, maaaring kailanganin naming suriin kung gaano kami kahusay sa pagbibigay ng mga serbisyo, bilang bahagi ng mga pag-audit, upang makalahok sa mga programa, para mahinto ang pandaraya, at para sa mga pangangailangan sa pagpaplano ng AltaMed.

Iba pang gamit ng iyong impormasyong pangkalusugan:

Marketing: Karamihan sa mga paggamit at pagbabahagi ng iyong PHI para sa mga layunin ng marketing ay mangangailangan ng iyong paunang nakasulat na pahintulot. May ilang eksepsyon marketing tulad ng kapag inilalarawan ng isang komunikasyon ang isang produkto o serbisyong nauugnay sa kalusugan, o isang anunsyo ng mga bagong tagapagbigay ng serbisyo o kagamitan.

Pangangalap ng pondo: Maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang AltaMed upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad na iniisponsoran ng AltaMed tulad ng mga programa at kaganapan sa pangangalap ng pondo. Ang mga nalikom na pondo ay ginagamit upang mapalawak at mapahusay ang mga serbisyo at programang maibibigay ng AltaMed sa komunidad. Kung ayaw mong makatanggap ng mga materyales o komunikasyon sa pangangalap ng pondo, at gusto mong umalis, mangyaring makipag-ugnayan sa Sentro ng Serbisyo sa Pasyente ng AltaMed sa (888) 499-9303, o tumugon sa anumang komunikasyon nang may kahilingang umalis. Malaya kang makakaalis sa mga komunikasyon sa pangangalap ng pondo anumang oras, at walang epekto ang iyong desisyon sa iyong paggamot o pagbabayad para sa mga serbisyo.

Sa mga indibidwal na kasangkot sa iyong pangangalaga o pagbabayad para sa iyong pangangalaga: Maaaring ibahagi ng AltaMed ang PHI sa mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan na kasangkot sa mga desisyon kaugnay ng iyong pangangalaga, pagbabayad para sa pangangalaga, o sa kaso ng emerhensiya. Mayroon kang karapatang humiling na huwag ibahagi ng AltaMed ang ilan sa o lahat ng impormasyong ito. Mangyaring makipag-ugnayan sa Opisyal sa Pagkapribado ng AltaMed sa **AltaMedPrivacyOffice@AltaMed.org** o sa site ng AltaMed kung saan ka nakakatanggap ng mga serbisyo para makagawa ng nakasulat na kahilingan na huwag ibahagi ang PHI.

Iniaatas ng batas: Maaaring gamitin o ibahagi ng AltaMed ang iyong PHI kung kinakailangan ng pederal, estado, o lokal na batas, o sa utos ng korte o subpoena.

Mga aktibidad sa kalusugan ng publiko: Maaaring ibahagi ng AltaMed ang iyong PHI sa isang awtoridad sa kalusugan ng publiko upang maiwasan o makontrol ang sakit, pinsala, o kapansanan. Halimbawa, maaaring magbahagi ang AltaMed ng patunay ng mga bakuna sa paaralan ng pasyente.

Pananaliksik: Maaaring magbahagi ang AltaMed ng impormasyong pangkalusugan para sa mga pananaliksik na proyekto. Sumusunod ang lahat ng pananaliksik na proyekto sa mga batas ng estado at pederal na pumoprotekta sa pagkapribado ng pasyente. Ang lahat ng pananaliksik na proyekto na nangangailangan ng pagbabahagi ng PHI ay dapat na maaprubahan sa pamamagitan ng isang espesyal na proseso ng pagsusuri upang maprotektahan ang kaligtasan, kapakanan, at pagkakumpidensyal ng pasyente. Kung aaprubahan ng proseso ng espesyal na pagsusuri ang pagbabahagi ng impormasyong pangkalusugan para sa pananaliksik na proyekto, maaari ding gamitin ng ibang pag-aaral ang parehong impormasyong ito. Ang mga mananaliksik ay maaaring makipag-ugnayan sa mga pasyente upang lumahok sa ilang partikular na pananaliksik na pag-aaral. Makikipag-ugnayan lamang sa mga pasyente kung nagbigay ng kanilang pag-apruba ang espesyal na proseso ng pagsusuri. Hindi mo kailangang lumahok sa anumang pananaliksik na proyekto. Kung sumasang-ayon kang lumahok, kakailanganin mong pumirma ng isang form ng pahintulot.

Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado

Upng maiwasan ang isang malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan: Maaaring gamitin at ibahagi ng AltaMed ang iyong PHI kung naniniwala kaming kinakailangan ito upang maiwasan ang pang-aabuso, kapabayaan, o isang seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan mo o ng iba. Lilimitahan namin ang impormasyong ibinabahagi sa kinakailangan lamang upang matugunan ang emerhensiya.

Mga namatay na indibidwal: Maaaring gamitin o ibahagi ng AltaMed ang PHI ng isang namatay na indibidwal pagkatapos na mamatay ang indibidwal nang 50 taon.

Impormasyong pangkalusugan na nauugnay sa kalusugan kaugnay sa pag-aanak: Nakatuon ang AltaMed sa pagprotekta sa pagkapribado ng impormasyong pangkalusugan na nauugnay sa pangangalaga sa kalusugan kaugnay sa pag-aanak. Kapag tumutugon sa mga kahilingan para sa naturang impormasyon, nanghihingi ang AltaMed ng pinirmahang pagpapatunay mula sa humihiling na nagkukumpirmang hindi para sa mga ipinagbabawal na layunin ang hinihiling na paggamit o pagsisiwalat. Kasama sa mga ipinagbabawal na layunin ang mga aktibidad sa pangangasiwa ng kalusugan, pagsisiyasat ng tagapagpatupad ng batas, paglilitis ng hukuman o tagapangasiwa, at pagsisiwalat sa mga coroner o medikal na tagasuri kaugnay ng mga namatay. Nagpapanatili ang AltaMed ng nakasulat na kopya ng bawat nakumpletong pagpapatunay at anumang sumusuportang dokumentasyon.

Mahigpit na ipinagbabawal ng AltaMed ang paggamit o pagsisiwalat ng impormasyon sa kalusugan ng reproduktibo para tumukoy, magsiyasat, o magpataw ng pananagutan sa mga indibidwal na naghahanap, nakakakuha, nagbibigay, o nangangasiwa ng pangangalaga sa kalusugan kaugnay sa pag-aanak na sumusunod sa batas. Kasama rito ang pangangalaga na sumusunod sa batas sa estado kung saan ito ibinibigay, pinoprotektahan ng pederal na batas, o ipinapalagay na sumusunod sa batas. Kung isasaad ng humihiling na para sa isang ipinagbabawal na layunin ang impormasyon, hindi ito isisiwalat ng AltaMed maliban kung magbibigay ang humihiling ng malinaw na ebidensyang nagpapakitang labag sa batas ang pangangalaga sa ilalim ng mga partikular na sitwasyon.

Sa pamamagitan ng pagpirma sa pagpapatunay, pinapatunayan ng humihiling na hindi gagamitin ang impormasyon para sa isang ipinagbabawal na layunin at kinikilala niya ang mga potensyal na parusang kriminal para sa mga maling pahayag. Hindi aasa ang AltaMed sa isang pagpapatunay kung hindi ito kumpleto, kasama ng mga hindi nauugnay na dokumento, o mukhang naglalaman ng mali o kaduda-dudang impormasyon. Kung malalaman ng AltaMed na mali ang isang pagpapatunay, ihihinto kaagad nito ang paggamit o pagsisiwalat ng impormasyon at manghihingi ng bagong pagpapatunay para sa anumang kahilingan sa hinaharap.

Pagiging kumpidensyal ng mga rekord ng sakit dahil sa pag-abuso sa droga/pag-inom ng alak (Bahagi 2 ng 42 CFR): Mahigpit na sinusunod ng AltaMed ang mga pederal na regulasyon na nakabalangkas sa Bahagi 2 ng 42 CFR, na nagbibigay ng mga karagdagang proteksyon para sa mga rekord ng paggamot sa Sakit dahil sa Pag-abuso sa Droga o Pag-inom ng Alak (Substance Use Disorder, SUD) na higit pa sa iniaatas ng Batas sa Pagiging Portable at Pananagutan ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA). Sa ilalim ng Bahagi 2 ng 42 CFR, maaaring kumuha ang AltaMed ng isang nakasulat na pahintulot mula sa mga pasyente para maisiwalat ang kanilang impormasyon sa paggamot ng SUD sa mga tinukoy na tatanggap para sa mga layunin sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Mahigpit na ipinagbabawal ang muling pagsisiwalat ng impormasyon sa paggamot ng SUD maliban kung tahasang pinahintulutan ng pasyente o pinapahintulutan sa ilalim ng Bahagi 2 ng 42 CFR. Dapat may kasamang abiso ang anumang pagsisiwalat sa mga tatanggap na nagsasaad na ipinagbabawal ang karagdagang muling pagsisiwalat maliban kung tahasang pinapahintulutan ng pasyente.

Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado

Pinapahintulutan ang AltaMed na magsiwalat ng mga rekord sa paggamot ng SUD nang walang pahintulot ng pasyente sa mga awtoridad sa kalusugan ng publiko, sa kundisyong aalisin sa mga rekord ang impormasyon sa pagkakakilanlan alinsunod sa mga itinatag na pamantayan sa Panuntunan sa Pagkapribado ng HIPAA. Ipinagbabawal ang paggamit ng mga rekord at testimonya sa paggamot ng SUD sa mga sibil, kriminal, pang-administratibo, at lehislatibong paglilitis laban sa mga pasyente maliban kung pinapahintulutan ng pasyente o may utos ng hukuman.

Kapag kinakailangan ang nakasulat na pahintulot: Kung kailangang ibahagi ng AltaMed ang iyong PHI sa isang kadahilanang hindi naipaliwanag sa Abisong ito, kakailanganin muna namin ang iyong nakasulat na pahintulot maliban kung hinihiling ng batas. Maaari mong kanselahin ang iyong pahintulot sa pagsulat anumang oras. Kung kakanselahin mo ang iyong pahintulot, hindi na namin gagamitin o isisiwalat ang iyong PHI para sa mga layuning saklaw ng iyong nakasulat na pahintulot.

Kung kakanselahin mo ang iyong pahintulot, makakaapekto lamang ito sa mga bagong pagsisiwalat. Maaari kang makipag-ugnayan sa site na nangongolekta ng iyong pahintulot o sa Opisyal sa Pagkapribado sa **AltaMedPrivacyOffice@AltaMed.org**, upang kanselahin ang pahintulot.

Ano ang mga karapatan mo sa pagkapribado?

Ang sumusunod ay isang pahayag ng iyong mga karapatan kaugnay ng iyong PHI at isang maikling paglalarawan sa kung paano mo maaaring gamitin ang mga karapatang ito.

May karapatan kang tanggapin at suriin ang kopya ng iyong PHI.

- Maaari mong matanggap at masuri ang papel at elektronikong kopya ng iyong mga talaan sa kalusugan. Kasama sa iyong mga talaan sa kalusugan ang mga talaang medikal at pagsingil at anupamang talaang ginagamit namin sa paggawa ng mga medikal na desisyon tungkol sa iyong pangangalaga.
- May karapatan kang tumanggap ng iyong PHI sa hiniling na format. Kung hindi ito handang magamit sa format na iyon, ibibigay namin ito sa iyo sa ibang format.
- Pakisumite ang iyong mga kahilingan na tumanggap o sumuri ng kopya ng iyong PHI sa Pangasiwaan ng Impormasyong Pangkalusugan ng AltaMed sa RecordRequest@AltaMed.org o sa site ng AltaMed kung saan ka nakakatanggap ng mga serbisyo.
- Maaaring singilin ka ng makatuwirang bayad para sa pagbibigay sa iyo ng iyong mga talaan sa kalusugan.
- Sa ilang sitwasyon, ang iyong kahilingan para magsiyasat o makakuha ng kopya ng iyong PHI ay posibleng tanggihan. Kung tatanggihan ang iyong kahilingan, maaari kang humiling na suriin ang desisyon na iyon.

Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado

May karapatan kang humiling ng paghihigpit sa mga pagsisiwalat ng iyong PHI.

- Maaari mong hilingin na limitahan namin ang paggamit sa iyong PHI para sa mga layunin sa paggamot, pagbabayad, at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Susuriin at isasaalang-alang namin ang iyong kahilingan.
- Hindi kailangang sumang-ayon ang AltaMed sa iyong kahilingan, maliban kung ito ay sa isang plano sa kalusugan o tagaseguro at magbabayad ka o ang isang tao sa iyong ngalan para sa lahat ng mga serbisyo na mula sa bulsa.
- Upang humiling ng paghihigpit o upang bawiin ang iyong pahintulot, dapat mong gawin ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat sa Pangasiwaan ng Impormasyong Pangkalusugan ng AltaMed sa **RecordRequest@AltaMed.org**. Dapat kasama sa iyong kahilingan kung anong impormasyon ang nais mong paghigpitan, kung nais mong limitahan ang paggamit, pagsisiwalat, o pareho, kung nagbayad ka para sa mga serbisyo nang buo, at/o kung kanino mo nais na ilapat ang mga paglimita.

May karapatan kang humiling na makatanggap ng kumpidensyal na mga komunikasyon mula sa amin sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan o sa isang alternatibong lokasyon.

- May karapatan kang hilingin sa AltaMed na makipag-ugnayan lamang sa iyo sa pamamagitan ng pagsulat sa ibang address o post office box, o sa pamamagitan ng email, text message, o telepono.
- Upang humiling ng pagbabago sa kung paano ka makakatanggap ng mga kumpidensyal na komunikasyon, magpadala ng nakasulat na kahilingan sa Opisyal sa Pagkapribado ng AltaMed at tukuyin kung paano ang gusto mong pagtanggap sa mga kumpidensyal na komunikasyon.

  Attention: Privacy Officer
  AltaMed Health Services Corporation
  2040 Camfield Avenue
  Los Angeles, CA 90040

- Tinatanggap ng AltaMed ang lahat ng makatuwirang kahilingan kung kinakailangan upang maprotektahan ang iyong kaligtasan.

May karapatan kang humiling ng pagbabago sa iyong PHI.

- Kung naniniwala kang may mali sa iyong PHI o may nawawalang mahalagang impormasyon, maaari kang humiling na iwasto namin ang talaan o magdagdag kami sa talaan.
- Upang humiling ng pagbabago, magpadala ng nakasulat na kahilingan sa Pangasiwaan ng Impormasyong Pangkalusugan ng AltaMed sa **RecordRequest@AltaMed.org**. Dapat mong sabihin sa amin kung anong mga pagwawasto o karagdagan ang hinihiling mo, at kung bakit dapat gawin ang mga pagwawasto o pagdaragdag. Tutugon kami sa pamamagitan ng pagsulat pagkatapos na masuri ang iyong kahilingan.
- Kung aaprubahan namin ang iyong kahilingan, gagawin namin ang pagwawasto o pagdaragdag sa iyong PHI. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, sasabihin namin sa iyo kung bakit at ipapaliwanag namin ang iyong karapatan na maghain ng isang nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon.
- Hindi mababago ng AltaMed ang mga tala na hindi nilikha ng AltaMed, hindi bahagi ng iyong talaan sa kalusugan, o hindi natipon para sa mga legal na layunin.
- Hindi mababago ng AltaMed ang impormasyon na tinutukoy na tumpak at kumpleto.

Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado

May karapatan kang makatanggap ng listahan ng kung kailan ibinahagi ang iyong PHI.

- May karapatan kang humiling ng listahan ng mga organisasyon at lugar na pinagbahaginan namin ng iyong PHI.
- Kasama sa listahang ito ang pinagbahaginan namin ng impormasyon, kung kailan namin ibinahagi ang impormasyon, ang dahilan ng pagbabahagi sa impormasyon, at isang paglalarawan sa ibinahaging impormasyon.
- Hindi isasama sa listahang ito ang kung ibinahagi ang impormasyon sa iyo, ibinahagi nang may pahintulot mo, ibinahagi para sa paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalaga ng kalusugan, at iba pang mga pagbubukod na pinahintulutan ng batas.
- Upang humiling ng pagtutuos ng mga pagsisiwalat, dapat mong isumite ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat sa Pangasiwaan ng Impormasyong Pangkalusugan ng AltaMed sa **RecordRequest@AltaMed.org**. Ang iyong kahilingan ay dapat na may kasamang haba ng panahon na mas mababa sa anim na taon mula sa petsa ng kahilingan.
- Maaari kang makatanggap ng isang listahan bawat 12-buwan nang walang bayad. Kung kailangan mo ng mga karagdagang listahan, maaaring may bayad ito. Ipapaalam sa iyo ng AltaMed ang bayad na ito sa oras na hihiling ka.

Mayroon kang karapatang humiling ng kopyang papel ng Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado na ito.

- Ang elektronikong bersyon ng Abisong ito ay nasa aming website sa www.AltaMed.org.
- Para sa papel na kopya ng Abisong ito, maaari kang makipag-ugnayan sa Opisyal sa Pagkapribado sa **AltaMedPrivacyOffice@AltaMed.org** o sa site kung saan ka nakatanggap ng pangangalaga sa panlabas na pasyente.

Mga karagdagang proteksyon para sa sensitibong impormasyon sa kalusugan: Naglalapat ang AltaMed ng mahihigpit na proteksyon sa sensitibong impormasyon sa kalusugan, gaya ng kalusugan ng isip, status ng HIV/AIDS, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, at kalusugan ng reproduktibo. Kasama rito ang paglilimita sa mga pagsisiwalat sa mga awtorisadong partido at paghingi ng tahasang pahintulot ng pasyente para sa karamihan sa mga paggamit na hindi sinasaklaw ng batas.

Mga talaan sa kalusugan ng mga menor de edad: May mga espesyal na prosesong ipinapatupad upang maprotektahan ang mga talaan sa kalusugan ng mga menor de edad para sa mga serbisyo tulad ng kalusugan ng reproduktibo, kalusugan ng isip, at paggamot para sa mga impeksyong na nakukuha sa pakikipagtalik. Tinitiyak ng AltaMed na ang menor de edad at mga awtorisadong indibidwal lang ang makaka-access sa mga talaang ito maliban kung ipinag-uutos ng batas ang pagsisiwalat. Ipinapaalam sa mga menor de edad ang tungkol sa kanilang mga karapatan sa pagkakumpidensyal at pag-access sa kanilang mga talaan alinsunod sa batas ng California.

Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado

Paano mo makakaugnayan ang AltaMed para magamit ang iyong mga karapatan?

Kung nais mong gamitin ang alinman sa mga karapatan sa pagkapribado na ipinaliwanag sa Abisong ito, maaari kang makipag-ugnayan sa programa o site ng AltaMed kung saan ka tumatanggap ng pangangalaga o mga serbisyo. Maaaring kailanganin mong punan ang isang form upang magamit ang iyong mga karapatan; kung kinakailangan, matutulungan ka naming punan ang form. Bilang kahalili, maaari kang tumawag o sumulat sa amin para sa tulong sa:

Attention: Privacy Officer
AltaMed Health Services Corporation
2040 Camfield Avenue
Los Angeles, CA 90040
(888) 499-9303
AltaMedPrivacyOffice@AltaMed.org

Paano ka makikipag-ugnayan sa AltaMed tungkol sa iyong protektadong impormasyon sa kalusugan?

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong PHI, tumawag o sumulat sa amin sa:

Attention: Privacy Officer
AltaMed Health Services Corporation
2040 Camfield Avenue
Los Angeles, CA 90040
(888) 499-9303
AltaMedPrivacyOffice@AltaMed.org

Paano ka makikipag-ugnayan sa Sentro ng Serbisyo sa Pasyente ng AltaMed?

Tawagan ang Sentro ng Serbisyo sa Pasyente sa (888) 499-9303.

Mga reklamo/katanungan

Kung naniniwala kang hindi namin naprotektahan ang iyong pagkapribado, may karapatan kang magreklamo. Maaari kang maghain ng reklamo (o hinaing) sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa amin sa address ng AltaMed sa ibaba. Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa Abiso na ito at gusto mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Opisyal sa Pagkapribado:

Attention: Privacy Officer
AltaMed Health Services Corporation
2040 Camfield Avenue
Los Angeles, CA 90040
(888) 499-9303
AltaMedPrivacyOffice@AltaMed.org

Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa:

U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights –
Pacific Region
90 7th Street, Suite 4-100 San Francisco, CA 94103
Toll-Free na Sentro: (800) 368-1019
Fax: (202) 619-3818 | TDD: (800) 537-7697
Email: **ocrmail@hhs.gov**
www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/

Gamitin ang iyong mga karapatan nang walang takot. Hindi kami gagawa ng pagkilos na pagganti laban sa iyo kung maghahain ka ng reklamo tungkol sa aming mga kasanayan sa pagkapribado.

Upang makita ang pinakabagong Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado, bisitahin ang **www.AltaMed.org/regulatory-notices** o i-scan ang QR code na ito:

Petsa ng pagkakaroon ng bisa: Enero 2025